The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church Vol. 9 • Issue No. 47 • December 26, 2021 Php 15.00






**Rev. Dr. William G. Sy**
*UCF Head Pastor*

# Our Giving, Our Motives

**2 Corinthians 9:6-15 (NKJV)**

[6]But this I say: He who sows sparingly will also reap sparingly, and he who sows bountifully will also reap bountifully. [7]So let each one give as he purposes in his heart, not grudgingly or of necessity; for God loves a cheerful giver. [8]And God is able to make all grace abound toward you, that you, always having all sufficiency in all things, may have an abundance for every good work. [9]As it is written: "He has dispersed abroad, He has given to the poor; His righteousness endures forever." [10]Now may He who supplies seed to the sower, and bread for food, supply and multiply the seed you have sown and increase the fruits of your righteousness, [11]while you are enriched in everything for all liberality, which causes thanksgiving through us to God. [12]For the administration of this service not only supplies the needs of the saints, but also is abounding through many thanksgivings to God, [13]while, through the proof of this ministry, they glorify God for the obedience of your confession to the gospel of Christ, and for your liberal sharing with them and all men, [14]and by their prayer for you, who long for you because of the exceeding grace of God in you. [15]Thanks be to God for His indescribable gift!

**Introduction**

There is no better indicator of growing in new life than in the area of giving.

**Five (5) motives why Christians need to sow generously:**

**1. Christians can give either generously or sparingly.**

- God will reward them both accordingly.

**Matthew 6:1-2 (NKJV)**

[1]"Take heed that you do not do your charitable deeds before men, to be seen by them. Otherwise you have no reward from your Father in heaven. [2]Therefore, when you do a charitable deed, do not sound a trumpet before you as the hypocrites do in the synagogues and in the streets, that they may have glory from men. Assuredly, I say to you, they have their reward."

**2. To Paul, giving is not a loss, but a form of saving. The result is substantial benefits for those who give.**

**2 Corinthians 8:1-4 (NKJV)**

[1]Moreover, brethren, we make known to you the grace of God bestowed on the churches of Macedonia: [2]that in a great trial of affliction the abundance of their joy and their deep poverty abounded in the riches of their liberality. [3]For I bear witness that according to their ability, yes, and beyond their ability, they were freely willing, [4]imploring us with much urgency that we would receive the gift and the fellowship of the ministering to the saints.

**Note**

- Christian giving is to be enriched by God more and more.
- It is to meet the needs of the people.

**3. Paul is not speaking primarily of the quantity given, but of the quality of our heart's desires and motives.**

- The poor widow spare little, but God considered it much because of the proportion she gave and her complete dedication.

**Luke 21:1-4 (NKJV)**

[1]And He looked up and saw the rich putting their gifts into the treasury, [2]and He saw also a certain poor widow putting in two mites. [3]So He said, "Truly I say to you that this poor widow has put in more than all; [4]for all these out of their abundance have put in offerings for God, but she out of her poverty put in all the livelihood that she had."

**Proverbs 11:24-25 (NKJV)**

[24]There is one who scatters, yet increases more; and there is one who withholds more than is right, but it leads to poverty. [25]The generous soul will be made rich, and he who waters will also be watered himself.

**Proverbs 19:17 (NKJV)**

He who has pity on the poor lends to the Lord, and He will pay back what he has given.

**Matthew 10:41-42 (NKJV)**

[41]"He who receives a prophet in the name of a prophet shall receive

continue on page 16 >>

# Hesus, tunay na diwa ng pasko

Isang espesyal at kasiya-siyang araw ang ipinagdiwang ng panambahan ng *United Christian Fellowship* noong Disyembre 19, araw ng Linggo. Ang bawat kasapi ng panambahan, kasama ang kanilang mga mahal sa buhay, ay sama-samang dumalo sa *Family Christmas Celebration* upang ipagdiwang at alalahanin ang tunay na diwa ng pasko—ito ay ang kapanganakan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu Kristo.

Papuri at pasasalamat ang nararapat sa Diyos Ama na nagbigay ng Kaniyang anak na si Hesus bilang kabayaran sa ating mga kasalanan. Salamat, Panginoon, sa kaligtasang ipinagkaloob mo sa amin! Taos-pusong pasasalamat sa buhay ng ating Panginoon na si Hesus.




Kapaskuhan ng pamilya ng Diyos

## Selebrasyon ng pasasalamat

Sa nakalipas na taon, pasasalamat muli ang hatid ng panambahan ng UCF sa dakila at tapat na pagkilos ng Diyos. Isang masayang selebrasyon ang handog sa bawat pamilya ng miyembro ng UCF upang kanilang maramdaman ang pag-ibig ni Hesus. Iba't ibang palaro ang handog sa bawat isa na siyang kinagiliwan ng lahat. Hinimok din ang lahat na magkita-kita sa mga susunod na gawain upang ang kanilang karanasan ay mas lumalim at madagdagan pa. Tunay na wala nang hihigit pa basta sama-sama ang mga anak ng Diyos. Purihin Siya sa Kaniyang pagmamahal!













**Colosas 1:17-18 (MBBTAG)**

**[17]Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan Niya. [18]Siya ang ulo ng iglesya na Kanyang katawan. Siya ang pasimula, Siya ang panganay na binuhay mula sa kamatayan, upang Siya'y maging pangunahin sa lahat.**

## Palaro at presentasyon

Hindi rin naman nagpahuli ang lahat sa pakikilahok sa mga larong inihanda tulad ng *Bring Me*, *Cookie Relay* at *Mimicry*. Sa isang panambahang pinagkakaisa ng pag-ibig na nagmumula sa Diyos, hindi naging hadlang ang edad sa pakikiisa at pakikisama sa bawat isa. Bakas ang tuwa at saya sa mga ngiti ng bawat isa. Maliban pa rito, nagkaroon naman ng presentasyon ang ilan sa mga *fellowship group* tulad ng *Youth Fellowship* at *Ladies' Fellowship*, kabilang na rin dito ang mga seminarista ng UCFTS. Sa pamamagitan ng pag-awit at pagsayaw, ipinakita nila ang kanilang pasasalamat at pagmamahal sa Panginoon.















YOUTH FELLOWSHIP



LADIES FELLOWSHIP

## Salu-salo bilang isang pamilya

Samu't saring mga pagkain ang inihain sa mga bisita na masayang pinagsaluhan sa hapagkainan para sa pananghalian. Ito ay isang magandang pagkakataon upang maipaalala sa lahat ang tunay na diwa ng Kapaskuhan.





**Mga Awit 147:4-5 (MBBTAG)**

**4 Alam Niya't natitiyak ang bilang ng mga bituin, isa-isang tinatawag, sa pangala'y itinuring. 5 Si Yahweh na ating Diyos ay dakila at malakas, taglay Niyang karunungan, hinding-hindi masusukat.**



UCF HIT AND RUN 2021

# Kalinga sa ating mga kababayan

Higit 15 taon nang tumutugon ang panambahan ng UCF sa tawag ng Panginoon sa pamamagitan ng *Hit and Run*, tawag ng paglilingkod na buong pusong tinatayuan ng bawat manggagawa nito. Ang *Hit and Run* ay naglalayong maabot ang ating mga kababayan na namamalagi sa lansangan ng Salita ng Diyos na kanilang maaaring kapitan sa kabila ng tinatamong sitwasyon at kahirapan. Layunin ng UCF na maibahagi ang dakilang pag-ibig ng Panginoon sa mga tao at maging patotoo na ang Diyos ay mapagmahal, nagpapagaling, nag-iingat at tumutugon sa mga panalangin ng Kaniyang mga anak.

Ngayong 2021 ay muling binagtas ng pamilya ng UCF ang mga lansangan ng Maynila at karatig lungsod nito. Dala-dala ang munting regalong mga *grocery package* na pamasko at ang pag-asang mula sa Panginoon, sama-sama ang lahat sa iisang layunin sa kabila ng sama ng panahon.

## Pagbabalot ng mga grocery package

Bilang punong abala sa *Hit and Run* ngayong taon, pinangunahan ni Rev. Morrell Estrellado ang paghahanap ng mga lugar sa Kamaynilaan na babaybayin ng mga boluntaryo kung saan may mga pamilyang nakatira sa kalsada.

Noong kinagabihan ng Disyembre 19, Linggo, ay tulong-tulong ang bawat isa na nagbalot ng mga *grocery package* na ipamimigay sa mga pamilyang nakatira sa lansangan.









> *Salamat po Panginoon sa mga nagbigay ng tulong na offering para po sa isasagawa naming Hit and Run. We remember Lord ang mga taong iyon na nagugutom din at naghahanap ng pagkakataon na may mga taong may mabubuting loob upang sila ay pakainin at tulungan.*
>
> -Rev. Dr. William Sy

## Pananalangin ng mga grupo







Nagkaroon din ng briefing ang lahat ng kasapi ng programa kung saan pinag-usapan ang tungkulin ng bawat isa sa kanilang mga grupo. Nagbigay din ng ilang paalala para sa kaayusan ng buong programa. Bago humayo at bagtasin ang kalsada ay nanalangin ang mga grupo upang sila ay samahan at gabayan ng Banal na Espiritu sa pagganap sa gawaing ito.

**1 Timoteo 2:5 (MBBTAG)**

**Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.**

# Paghahandog ng mga tulong

Sa gitna ng gabi at malamig na simoy ng hangin ay buo ang puso at isipan ng bawat isa na magpagamit para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga grupo ay nagtungo sa Kamaynilaan, Parañaque, Makati, Pasay, Quezon at Cabuyao, Laguna upang mag-abot ng mga *grocery pack* sa mga pamilya sa kalsada. Maliban dito ay nagbahagi rin sila ng Salita ng Diyos upang maipakilala nila sa mga pamilya ang pagmamahal ng Diyos sa lahat sa pamamagitan ng Panginoong Hesu Kristo.









Sila ay mag-asawang nakatira sa gilid ng kalsada gamit ang kanilang *pedicab*. Napatira sila sa kalsada sa kadahilanang wala na silang mauwian sa Maynila. Wala na silang kasamang mga anak at naiwan na lamang silang mag-asawa kung saan sila ay nagtitinda at nangangalakal para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Nagpapasalamat sila sa Diyos na sila ay hindi nagkakasakit sa kabila ng pamamalagi sa lansangan Malugod nilang tinanggap na maipanalangin sila at naniniwala silang ang Diyos ang mag-iingat sa kanila.





*Bagamat alam Mo, Panginoon, na kami man ay nangangailangan, ngunit sa araw na ito pinili naming tumulong at pinili naming magbigay sa paniniwalang sa huling araw, aalalahanin Mo kami sapagkat sinunod namin ang Iyong utos.*

-Rev. Dr. William Sy

Ang pamilyang ito ay may anak na *special child*. Sila ay nakatira doon dahil nasunugan sila sa Tondo kaya mas pinili na lang nila na magtayo ng barong-barong na puwedeng pagtuluyan. Pagbabasura na lamang ang kanilang ikinabubuhay at doon sila kumukuha ng panggamot sa anak nila na *special child* at may *epilepsy*. Sa pagbabahagi ng kaligtasan at kabutihan ng Panginoong Hesus sa kanila, purihin ang Panginoon dahil kanilang natanggap ang pinakamagandang regalo para sa Pasko—si Hesu Kristo.









**Juan 1:14 (MBBTAG)**

**Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na Kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.**





Siya ay isang tatay na hiwalay na sa asawa niya at ang mga anak niya ay nasa probinsiya. Siya na lang ang natira dito sa Maynila nang halos 14 na taon na at ang trabaho niya ay ang paggabay sa mga pumaparada ng sasakyan. Kahit ganoon, sa Diyos pa rin siya kumakapit at naniniwala kahit na walang ibang taong nagmamalasakit sa kaniya. Hindi nawala ang tiwala niya sa Diyos dahil kahit ganoon ang buhay niya ay mayroon pa rin daw mga taong dadating at nagpapadala ng pagpapala sa kaniya at isa raw ang UCF doon.





*Pagpalain mo Panginoon ang mga taong nagbigay ng buong pusong pagtulong ng mga offering para po sa aming project na Hit and Run. Ibalik mo sa kanila hindi lang hundred fold. I pray na ibalik mo sa kanila a thousandfold ang lahat ng itinulong nila, Lord.*

-Rev. Dr. William Sy





Siya ay 75 taong gulang na biyudo at ang mga anak niya ay may sarili na ring mga pamilya. Siya na lang ang naiwan dito sa Maynila. Wala na siyang pinagkakakitaan at naghihintay na lang din siya ng tulong sa iba. Ang gobyerno ay hindi rin daw siya natutulungan dahil hindi raw siya residente sa lugar. Ngunit nagpasalamat rin po si lolo dahil napunta ang UCF upang tulungan at ipanalangin din siya.





Si nanay ay 56 taong gulang na mayroong asawa at dalawang anak. Ang kaniyang mga anak ay hindi niya na nakasama sa Maynila dahil ito ay nasa kanilang probinsiya na sa Pampanga. Wala siyang hanapbuhay at isa sa kahilingan niya ay ang matulungan sila lalo na dahil pitong taon na silang naninirahan ng kaniyang asawa sa Maynila.





**Mikas 7:8 (MBBTAG)**

**8 Mga kaaway ko, huwag kayong magalak dahil sa nangyari sa akin! Kung ako ma'y nadapa, muli akong babangon. Kung ako ma'y nasa kadiliman, tatanglawan ako ngayon ni Yahweh.**





Siya ay isang 48 taong gulang na nangangalakal sa umaga at walang permanenteng puwesto sa gabi. Siya ay may tatlong anak, kung saan ang bunso na 3 taong gulang ay kailangan niyang ipaampon. Tuwing umuulan, sila ng kaniyang pamilya ay sa ilalim ng *overpass* nananatili.

Ang lalaking ito ay mag-isa lamang at ang damit niya ay butas-butas na. Wala siyang ibang gamit maliban sa isang bag at kumot na hinihigaan niya. Siya ay isang lumpo na galing pang Samar at wala nang pamilya. Ipinagpanalangin siya sa pagtanggap sa Panginoon at ipinagdasal din na maiparanas sa kaniya ng Panginoon ang kagalingan at kaginhawaan na nanggagaling sa Kaniya. Makikita sa kaniyang mukha ang pagkagaan ng kaniyang loob na para bang ang lungkot at kagulumihanan na nararamdaman niya ay napalitan ng galak na mula sa Panginoon.









## Pagsasalu-salo

Matapos maipamigay ang lahat ng mga grocery package, nagtungo ang lahat sa Jim's Pares upang masayang magsalu-salo sa mainit at masarap na pagkain. Ito ay naging oportunidad din upang ang bawat isa ay makapagbahagi ng kanilang mga karanasan sa ginanap na programa at makapagbigay kaluwalhatian sa ating Diyos na buhay para sa katagumpayan nito. Bakas sa ngiti ng bawat isa ang ganap na galak sa kanilang mga puso na naging kabahagi sila ng gawaing ito ng Panginoon at nakapagpala sila sa mga taong nangangailangan.

> *Ibinibigay namin lahat sa Pangalan ni Hesus. I pray for healing and deliverance to be received by each one of us. We give offering and love sa aming upcoming Hit and Run program. To You all the glory, all the praise!*
>
> -Rev. Dr. William Sy











**160**

pamilya na nabenepisyuhan sa Hit and Run 2021

**Nehemiah 9:31 (MBBTAG)**

**Ngunit dahil sa Iyong labis na kahabagan, hindi Mo rin sila ganap na nilipol at itinakwil. Ikaw ay mapagpatawad at mahabaging Diyos!**

# Patotoo ng mga boluntaryo

Ang programang *Hit and Run* ay nagbigay ng oportunidad para sa mga anak ng Diyos upang ipakilala ang ating Panginoong Hesus sa mga tao sa lansangan. Iba-iba man ang naging parte ng bawat isa, iisa lamang ang hangarin ng lahat at iyon ang mangyari ang kalooban ng Diyos na maabot ang mga taong nangangailangan ng kaligtasan. Samu't saring istorya ang kanilang narinig sa kanilang mga nakasalamuha sa kalsada kaya naman hindi rin matawaran ang tuwa sa kanilang mga puso nang kanilang ikwento ang kanilang mga kapana-panabik na karanasan.



**Sis. Aileen Amancio**
volunteer

*"Ito po ang first time ko na maka-attend ng Hit and Run. Base doon sa experience ko, maaawa ka sa kanila kasi nasa lansangan lang sila nakatira at doon sila natutulog. Maaawa ka sa sitwasyon nila pero ang iisipin nalang natin ay mayroon tayong Diyos na alam natin na hindi sila pababayaan at hindi sila iiwan anuman ang sitwasyon na nararanasan nila. Alam kong darating ang time na pagpapalain sila ng Panginoon."*

**"Mayroon tayong Diyos na alam natin na hindi sila pababayaan."**







**Bro. Jhun Rebuquiao**
volunteer

*"Last year, narinig ko ang tungkol sa Hit and Run. Sabi ko parang interesado akong sumama pero late na. So nag-promise ako na this coming year ay sasama na ako. Dito ko naranasan na hindi lang importante ang pagbibigay ng tulong o grocery kung hindi iyong makikita mo sa mga pinagbibigyan mo ang tuwa. Iba talaga ang pakiramdam na nakakatulong lalo na kapag ang binabahaginan mo ay interesado ring makinig. Feel na feel ko na sa pamamagitan din ng pagse-share ko ay nagiging magaan din ang loob nila mula sa suliranin na kanilang kinakaharap dahil nasa kalsada sila. Pero once na ma-share-an mo sila, makikita mong na-bless sila. At ikaw mismo, iba ang pakiramdam mo. Hindi mo maipaliwanag ang saya dahil ang Lord talaga ang gumabay sa pagse-share at paglalakbay natin.*

**"Hindi mo maipaliwanag ang saya dahil ang Lord talaga ang gumabay sa pagse-share at paglalakbay natin."**



**Sis. Katrina Rica Murillo**
volunteer

*"Nagpapasalamat ako sa Lord kasi nabigyan ako ng opportunity na maranasan ang ganitong gawain na makatulong sa mga talagang nangangailangan and at the same time ay maipakilala sa kanila at makatanggap sila sa Panginoon. Masarap siya sa pakiramdam kasi hindi lang sila natulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain kung hindi ang espiritwal na aspeto rin ng kanilang buhay ay napakain din natin. Thankful ako sa opportunity na ito na ibinigay ng UCF."*

**"Hindi lang sila natulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain kung hindi sa espiritwal na aspeto rin ng kanilang buhay."**







**Sis. Cristina Iniego**
volunteer

*"Nagpapasalamat ako sa Panginoon kasi naka-experience ako ng ganito. Mas blessed pa pala tayo kaysa sa kanila dahil may nakakakain pa tayo, may Panginoon tayo at nakaka-survive tayo. Although hindi ganoon kayaman pero nairaraos kasi nga may Panginoon tayong alam natin na makakapitan natin, naka-suporta sa atin at nagmamahal sa atin kaya thankful ako. Blessed na blessed ako dahil nakapag-share at nakapagbigay ako sa mga tao. At the end of the day, may joy ka sa heart mo dahil nakapag-serve ka at nagamit ka ng Panginoon para sa ganitong programa ng UCF. Thank You, Lord!"*

**"Blessed na blessed ako dahil nakapag-share at nakakapagbigay ako sa mga tao."**





**Sis. Arianne Alejandro**
volunteer

*"Ngayong Hit and Run, sobrang nagpapasalamat ako sa Lord since this is my first time na makasama. Sobrang nakaka-bless and nakaka-overwhelm dahil nagamit ako ng Lord as an instrument para maging blessing sa ibang tao. Sobrang blessed ako kasi nakakatulong ako sa ibang tao."*

**"Sobrang nakaka-bless and nakaka-overwhelm dahil nagamit ako ng Lord."**

**1 Pedro 2:22-23 (MBBTAG)**

**22 Hindi Siya gumawa ng anumang kasalanan, o nagsinungaling kailanman. 23 Nang Siya'y insultuhin, hindi Siya gumanti ng insulto. Nang Siya'y pahirapan, hindi Siya nagbanta; sa halip, ipinaubaya Niya ang lahat sa Diyos na makatarungan kung humatol.**



## Sis. Khristina Tolentino-Guo
volunteer

*"I am very much grateful po sa UCF because I was given this opportunity to join the Hit and Run. It was my first experience po with Hit and Run. At first, I was not sure what to do, but when I was with my group, I thought I'll be the one to give the blessings because we have the goods pero at the end of the day, ako po ang naka-receive ng so much blessing. Wala akong regret na nag-spend ako ng day ko with the UCF Family. This is the best way I could celebrate my Christmas with the people outside. Iyong mga story na narinig ko na sinasabi niya na okay lang daw na he is just lying on the street as long as hindi siya gumagawa ng masamang bagay, para sa akin, sino ba tayo na kapag mayroon tayong kaunting problema ay nagkakaroon tayo ng doubt kay Lord? So it made my faith stronger. It made me realize that there is so much more to what I can offer and to what God can give to me and to other people. I want to continue to do this every year. I'm very grateful with the UCF Family. Madami mang kulang sa family namin this year, I felt complete with this experience I had with UCF."*



**"It made my faith stronger. It made me realize that there is so much more to what I can offer and to what God can give to me and to other people. "**





## Bro. Jonas Vargas
volunteer

*"Happy ako na nakasama ako ngayon sa Hit and Run. Isa sa na-experience ko ay ang pamimigay ng gift pack at siyempre ito ay sakripisyo kasi umuulan. Pangalawa, makikita natin doon ang sitwasyon ng mga tao na lalapitan mo although sabihin natin na mahirap sila, mahirap din sa atin ang tanggapin nila ang alok. Iba-iba ang mga nalalapitan namin. Mayroong mga hiwalay sa asawa o hindi kaya mga nawalan ng trabaho ngayong pandemya."*

**"Happy ako na nakasama ako ngayon sa Hit and Run."**



## Bro. Noe Amancio
volunteer

*"First time ko pong makasama sa Hit and Run ng UCF. Sobrang excited ako na magkakaroon tayo ng mga activity kasi isa iyon sa mga desire ng puso ko na tuwing pasko ay mayroon akong tao na mapapasaya. Ngayong kakatapos lang ng Hit and Run, talagang na-bless po kaming dalawang mag-asawa. Kahit na driver po ako at hindi ako nakababa at nakapag-share ng Gospel mismo sa mga tao, alam kong naging parte ako ng gawaing ito. At naging matagumpay ang gawain natin na iyon. Nakatingin lang ako sa bintana ng kotse at nakita kong pinagpi-pray nila iyong mga tao. Naramdaman ko ang pagmamahal ng Panginoon na kahit anuman ang mangyari sa buhay natin at maraming problema at pagsubok ang dumadaan, kapag tiningnan natin ang pangako at Salita ng Panginoon, binibigyan Niya tayo ng pag-asa at kasagutan sa lahat ng problema natin. Alam kong na-bless sila sa pag-asang nahatid natin sa mga taong nabigyan ng Salita ng Diyos. Habang nagsasalita si Ptr. William, na-bless din po ako sa sinabi Niya na ang tanging itataas lang natin dito ay ang Pangalan ng Lord at hindi ang kahit na anong simbahan o relihiyon bagkus iyong Pangalan lang ng ating Panginoong Hesus na nagbigay ng buhay para sa ating lahat. To God be the glory!"*



**"Ang tanging itataas lang natin dito ay ang Pangalan ng Lord."**





## Sis. Jennifer Jintalan
volunteer

*"Talagang nagpapasalamat ang mga tao dahil nagkaroon tayo ng ganitong opportunity ng Hit and Run. Dahil first time ko, blessed na blessed talaga ako. Sobrang heartfelt talaga ang nangyari sa akin ngayon araw na ito. May na-enounter ako na isa siyang tatay na mayroong dalawang anak. Siya lang ang nagtataguyod para sa kaniyang mga anak. Talagang naaawa po ako kasi naiyak po talaga siya habang nagku-kuwento siya about sa buhay niya. Iniwanan din siya ng asawa niya kaya sinabi ko sa kaniya na huwag siyang mawalan ng pag-asa kasi may Panginoon tayo.*

**"Kaya sinabi ko sa kaniya na huwag siyang mawalan ng pag-asa kasi may Panginoon tayo."**



## Sis. Jasmin Jimenez
volunteer

*"Sobrang grateful ako na naging part ako ng UCF Hit and Run 2021. Sa panahon ngayon, napakalaking bagay na kahit tayo ay nagkukulang sa mga pinansiyal na bagay pero nakukuha pa rin nating magbigay sa mga tao na talagang nangangailangan ng tulong natin. Na-bless din ako kasi alam ko na sa pagse-share namin sa kanila ng pag-ibig at goodness ng Lord, may assurance sa heart ko na nagsasabing ang goodness ng Lord ang pag-iingat sa kanila, at ang strength ay patuloy na ibinibigay upang sila ay mag-survive kahit nasa labas sila, wala silang permanenteng tirahan at walang nag-aalaga sa kanila."*



**"Kahit tayo ay nagkukulang, nakukuha pa rin nating magbigay sa mga tao na talagang nangangailangan ng tulong natin."**

**2 Corinto 5:21 (MBBTAG)**

**Hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, Siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa Kaniya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos.**

# Paglago na Kaniyang pangako

Nagpapatuloy sa pag-usad ang UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* sa kabila ng mga dumating na sitwasyon at kinaharap na pagsubok nito sa taong 2021. Lalo itong namayagpag sa paglipas ng panahon, lalo't may mga manggagawa na piniling sumunod, magtiwala at higit na magpagamit ng kanilang buhay para sa ministeryo ng Diyos. Ito ang mga buhay na gagamitin ng Panginoon upang ipakita ang Kaniyang kadakilaan at magandang plano. Higit sa lahat, ang Diyos ay nananatiling tapat sa Kaniyang pangako kaya kailanman ito ang panghahawakan ng bawat isa.

Isang makabuluhang linggo muli ang lumipas at kabi-kabila ang naging gawain sa lugar. Tampok dito ang mga gawaing pangkabuhayan na tiyak ay lalago pa sa mga susunod na buwan. Mula sa alagang hayop na mayroon ang Mt. Tabor hanggang sa mga halaman nito ay buong husay na inaalagaan at inaayos ng mga *in-house trainee worker* sa pangunguna ng mga pastor.

Ating alamin ang mga gawain sa Mt. Tabor sa buong linggong nagdaan.

## Bagong Compost Bin







Isang bagong compost bin naman ang nailagay malapit sa chicken coop na pinagtulungang i-install ng mga in-house trainee worker. Ang compost na ito na naglalaman ng lupa, damo, dumi ng hayop at iba pang nabubulok na bagay ay maaaring maging pataba sa mga halaman kapag tuluyang nabulok. Ang compost ay nakatutulong upang magbigay ng mga nutrient sa iba't ibang halaman.

## Punla ng Kamatis

Nagsimula muling magpunla ng buto ng kamatis ang mga manggagawa. Masinsing itanim ang mga buto sa mga seedling tray. Mainam ang kamatis sa ating katawan dahil sa sustansya nito. Inaasahang tutubo ang mga ito sa susunod na buwan at maisalin sa plot area kapag may paunang dahon na.



## Poste para sa Sayote





Para naman sa mga pananim na sayote, bagong poste ang ginawa upang magsilbing gapangan ng halaman. Ang mga poste ay nasa ibabang bahagi ng Mt. Tabor na siyang nakatayo sa mga sementong pader sa gilid ng kalsada. Tiyak na kapag namunga ito ay magiging magandang tanawin din sa mga paparito.

## Kulungan ng Kuneho

Pananggalang sa init, lamig at iba pang mapanganib na hayop naman ang hatid sa mga alagang kuneho. Ginawan ng bagong kulungan ang mga ito katabi rin ng chicken coop. Sinigurado rin na may damo ito bilang pagkain at tubig na kanilang iinumin. Kumpleto ang kanilang pangangailangan!



## Pag-ani ng Luya



Tanda ng paglago, umani naman ng halos isang palangganang luya ang mga manggagawa sa Mt. Tabor. Makalipas lamang ng ilang buwan ay makikita ang mayabong na bunga ng luya na siyang buong sigasig na inani ng bawat isa. Sama-samang nilinis at tinanggalan ng lupa ang mga ito at inihanda para gawing turmeric powder. Itatanim din ang ilan sa Trail 3.





Tunay na tapat ang Diyos sa bawat ministeryo nito gaya ng Mt. Tabor. Sa susunod na taon ay inaasahan din ang pagbubukas nito sa publiko upang maging sila ay makita ang ganda ng luntiang kapaligiran. Higit sa lahat ay kanilang maranasan ang kapayapaang nagmumula sa Diyos.

***Lahat ng papuri at pagsamba ay nararapat sa Diyos na tapat at buhay sa panambahan ng UCF!***

**Malakias 3:6 (MBBTAG)**

**"Ako si Yahweh. Hindi pa kayo lubusang nalilipol sapagkat hindi Ako nagbabago sa Aking pangako."**




# Kadikalaan ng Diyos sa buong taon

Sa pagtatapos ng taong 2021, ang kabutihan, pagmamahal at katapatan ng Diyos ay labis na nasilayan ng Kaniyang mga anak. Ang ating Amang dakila ay hindi naging pabaya bagkus tayo ay pinagpala pa Niya nang higit pa sa ating pangangailangan. Mayroon mang mga oras na tayo ay nanghihina, ngunit tayo ay pinalalakas ng Panginoon at binibigyan Niya ng pag-asang bumangon muli sa anumang pagsubok. Kaya naman, ang ilan sa ating kapatiran sa panambahan ay higit ding nagbigay pasasalamat kung gaano kabuti ang Diyos sa kanilang mga buhay. Purihin ang ating Diyos na tapat!



## Bro. Francisco Viernes

*Since the pandemic, I lost my job in three different schools that I handled or coached in their sports program. Nawalan talaga ako ng kita kaya nag-alala talaga ako since iniisip ko kung saan ako kukuha ng pambayad sa mga bayarin at gagastusin sa mga pangangailangan to the extent that I felt stressed. But God is good. He is faithful with His Word. He is our Provider. Binigyan Niya ako ng pagkakakitaan to sustain my family's needs. And keeping my family safe and healthy through the years ay blessing na ipinagpapasalamat ko sa ating Panginoong Hesu Kristo. Purihin ang Diyos sa Kaniyang katapatan!*



## Bro. James Baque

*Nagpapasalamat ako sa ating Diyos lalo na sa kagalingan at proteksyon Niya sa atin. Simula noong first two months ng 2021, nagbigay ng challenge si Ptr. William na magbigay ng seed at sinabi niya na ito ay ibabalik ng Lord nang hundredfolds. Sa aking sarili, inisip ko kung paano ko makukuha iyon, ngunit ang sabi ng Kaniyang Salita ay binigyan tayo ng Diyos ng kapangyarihan to get wealth. So much blessings ang ibinigay sa akin ng Lord nitong December. Pinaalala sa akin ng Lord ang itinanim kong seed para sa Kaniyang gawain at sobra-sobra pa ito sa aking kinuwenta. It is better to give than to receive. Salamat sa Diyos! Ginamit ko ito para makapag-bless pa ako ng mga tao sa kalagitnaan nitong pandemya. To God be the Glory!*



## Sis. Glynis Hermosa

*Hallelujah, Amang Diyos! Dakila Ka sa aming buhay. Salamat sa taong 2021. Madami mang mga pagsubok pero mas madaming pagpapala ang ipinagkaloob Mo sa aking pamilya. Nagkasakit ang nanay ko at nagsakit din ako ngunit pinagaling Mo kami. Thank You, Lord, tunay ngang Ikaw ang manggagamot ng iyong mga anak na patuloy na nagtitiwala at nananampalataya sa Iyo o Diyos. Nawalan kami ng hanapbuhay dahil sa pandemic ngunit hindi Mo kami pinabayaan. Ang Lord ang nag-provide ng aming pangangailangan sa araw-araw at binigyan Niya kami ng opportunity na makapagsimula ulit ng mapagkakitaan kahit maliit ngunit ito ay sapat sa aming pang-araw-araw na buhay. Salamat Amang Diyos sa kagalingan at provision. Papuri at pasasalamat sa ating Diyos! God bless!*



## Sis. Lara Minerva Rebullar

*Ngayon taon, mas lalong pinatibay ng Panginoon ang aking pananampalataya. Ipinakita Niya na walang imposible kung tayo ay mas lalong magtitiwala sa Kaniya—mga bagay na hindi natin kayang gawin pero once na Siya ang mismong kumilos sa ating buhay, lahat ng ating gagawin o hahawakan ay pagpapalain. Ngayong taon, nagpapasalamat ako sa Panginoon sa buhay na ibinigay Niya para ako ay maging isang guro na nagbibigay din ng gabay sa mga estudyante. Naging way din na magamit ako ng Panginoon upang ang mga batang ito ay makakilala rin sa Panginoon, hindi lamang ang mga bata kung hindi pati ang kanila mga magulang. Sa Kaniya lamang ang papuri at pasasalamat!*



## Sis. Grace Bungalso

*Nagpapasalamat ako sa Diyos sa isang buong taon na nagdaan. Sinuman sa pamilya ko ay hindi nakaranas ng sakit na COVID at bumubuhos ang biyaya sa panahon ng pandemic. Sa araw-araw ay may biyaya ang Diyos na ipinagkakaloob. Kaya buong pagmamahal, pasasalamat, papuri at pagsamba na ibinabalik ko sa mapag-aruga kong Diyos dahil Siya ay tapat sa pamilya ko. Hindi Siya nagkulang sa amin kailanman. Kaya let's always put in our minds and hearts that God gave hope in our life na sa bawat gising ay may blessing. Glory to God to the highest!*



## Sis. Imee Gorobat

*I thank the Lord dahil iningatan Niya ang aking pamilya sa buong taon. Sa kabila ng pandemya na nararanasan natin, nanatili kaming maayos at malayo sa anumang sakit. Hindi Niya kami pinagkulang sa araw-araw naming pangangailangan. May mga dumadaan man na mga problema pero dahil sa relasyon na mayroon ako sa Panginoon, ako ay nananatiling matatag at nararanasan ang kapayapaan na nagmumula sa Kaniya. Maraming salamat sa Panginoon sa patuloy na pagpaparanas Niya sa akin ng Kaniyang kabutihan. Lahat ng papuri at pasasalamat ay tanging sa ating Diyos na buhay!*

**Mga Awit 43:3 (MBBTAG)**

**3 Ang totoo't ang liwanag, buhat sa iyo ay pakamtan, upang sa Zion ay mabalik, sa bundok mong dakong banal sa bundok mong pinagpala, at sa templo mong tirahan.**

# UCF ONLINE (SOCIAL MEDIA STATISTICS UPDATE) As of December 25, 2021

## facebook

**United Christian Fellowship**
Non-profit organisation

Last 28 days: Nov 26 - Dec 23

| Post Reach | Post Engagement | New Page Likes |
|---|---|---|
| 28.4k | 11.9k | 19 |
| ▼ 1% | ▼ 18% | ▼ 46% |

**10.2k** PEOPLE REACHED THIS WEEK

**8,242** PAGE LIKES

**8,948** PAGE FOLLOWERS

### BIBLE STUDY ON THE AIR





**562** TOTAL VIEWS | **775** ENGAGEMENTS | **1.4k** PEOPLE REACHED

### SUNDAY WORSHIP SERVICE




**567** TOTAL VIEWS | **576** ENGAGEMENTS | **1.7k** PEOPLE REACHED

### MIDWEEK SERVICE




**848** TOTAL VIEWS | **1.1k** ENGAGEMENTS | **3.6k** PEOPLE REACHED

### UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP TOP FANS

- **Tess Alvarez Dampog** — Top fan for 1 year
- **Beatrice Vargas** — Top fan for 1 year
- **Adrian Klein Laurel** — Top fan for 1 year
- **Mary Jean Llante** — Top fan for 1 year
- **Angel N. Tolentino** — Top fan for 1 year
- **Ivy Cabus Jasareno** — New top fan
- **Emma Calamba Docto** — Top fan for 1 year

### UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP STAR SENDERS
(Last 7 days)

- **#1** Ryan Christian Cobarrubia Tabay — sent 95 stars
- **#2** Renz P Encarguez — sent 75 stars
- **#3** Christ Alexander Reyes — sent 75 stars
- **#4** Alfonso Tabay — sent 75 stars
- **#5** Jeffrey Paraiso — sent 75 stars
- **#6** Raena Christine Tabay — sent 35 stars

## YouTube

**UCF Official**
896 subscribers
SUBSCRIBED

Total views in the last 28 days

| | |
|---|---|
| Views | 8.9k ↑ |
| Watch time | 893.1 ↑ |

**896** CHANNEL SUBSCRIBERS

**Click SUBSCRIBE and hit the bell button to get updated with the latest videos and replays of UCF Official.**

Subscribe

## twitter

**United Christian Fellowship**
@UCFOfficial1

**547** FOLLOWERS

| | |
|---|---|
| Tweet Impressions | 5,567 |
| Profile Visits | 2,489 |

## Instagram

ucf_official
United Christian Fellowship
Following

**564** FOLLOWERS

| | |
|---|---|
| Accounts Reached | 8 |
| Accounts Engaged | 1 |

***Like, share, comment, and tag people. Let us proclaim the Good News of Jesus Christ through our UCF online programs.***

# The Believer's Duty in Salvation

*by Rev. Ryan Christian Tabay*
*December 23, 2021*

**All Bible verses are in NKJV.*



**2 Peter 1:5-11**

[5]But also for this very reason, giving all diligence, add to your faith virtue, to virtue knowledge, [6]to knowledge self-control, to self-control perseverance, to perseverance godliness, [7]to godliness brotherly kindness, and to brotherly kindness love. [8]For if these things are yours and abound, you will be neither barren nor unfruitful in the knowledge of our Lord Jesus Christ. [9]For he who lacks these things is shortsighted, even to blindness, and has forgotten that he was cleansed from his old sins. [10]Therefore, brethren, be even more diligent to make your call and election sure, for if you do these things you will never stumble; [11] for so an entrance will be supplied to you abundantly into the everlasting kingdom of our Lord and Savior Jesus Christ.

**Introduction**

As believers, God already did His part in the salvation of our souls:
- Faith and righteousness (1 Peter 1:1)
- Grace and peace (1 Peter 1:2)
- Life and godliness and all things that pertains to godliness (1 Peter 1:3)
- The divine nature or new person (1 Peter 1:4)

Now, as believers, we also have a part or duty to retain, maintain, and work out our salvation.

**Philippians 2:12**

Therefore, my beloved, as you have always obeyed, not as in my presence only, but now much more in my absence, work out your own salvation with fear and trembling.

**Note**

Diligence is essential to a believer's duty.

Diligence is:
- Opposite of negligence
- Careful attention
- Devoted to painstaking effort to accomplish
- Done with speed

**Seven (7) Duties of Believers in Salvation**

**1. Add virtue.**
- Moral excellence and goodness of character
- Moral strength and moral courage
- Always choosing the excellent way

**1 Thessalonians 4:1-7**

[1]Finally then, brethren, we urge and exhort in the Lord Jesus that you should abound more and more, just as you received from us how you ought to walk and to please God; [2]for you know what commandments we gave you through the Lord Jesus. [3]For this is the will of God, your sanctification: that you should abstain from sexual immorality; [4]that each of you should know how to possess his own vessel in sanctification and honor, [5]not in passion of lust, like the Gentiles who do not know God; [6]that no one should take advantage of and defraud his brother in this matter, because the Lord is the avenger of all such, as we also forewarned you and testified. [7]For God did not call us to uncleanness, but in holiness.

**1 Thessalonians 4:11-12**

[11]That you also aspire to lead a quiet life, to mind your own business, and to work with your own hands, as we commanded you, [12]that you may walk properly toward those who are outside, and that you may lack nothing.

**2. Add knowledge.**
- Practical intelligence, practical wisdom, and practical insight
- Knowing what to do in every situation and doing it

**John 8:31**

Then Jesus said to those Jews who believed Him, "If you abide in My word, you are My disciples indeed."

**Romans 15:14**

Now I myself am confident concerning you, my brethren, that you also are full of goodness, filled with all knowledge, able also to admonish one another.

**3. Add self-control.**
- To master and control the body or flesh with all of its lusts
- To be strong, controlled, and restrained
- To stand against the lust of the flesh, the lust of the eye, and the pride of life (1 John 2:15- 16)

**Galatians 5:22-23**

[22]But the fruit of the Spirit is love, joy, peace, longsuffering, kindness, goodness, faithfulness, [23]gentleness, self-control. Against such there is no law.

**4. Add patience.**
- Endurance, steadfastness, constancy, perseverance
- Patience is not passive, but active.
- It is the spirit that stands up and faces life's trials and actively goes about conquering and overcoming them.
- A believer knows that God is allowing trials in order to teach him/her more and more patience.

**Romans 12:12**

Rejoicing in hope, patient in tribulation, continuing steadfastly in prayer.

**Hebrews 10:36**

For you have need of endurance, so that after you have done the will of God, you may receive the promise.

**James 1:2-4**

[2]My brethren, count it all joy when you fall into various trials, [3]knowing that the testing of your faith produces patience. [4]But let patience have its perfect work, that you may be perfect and complete, lacking nothing.

**5. Add godliness.**
- To live like God and to be a godly person
- To live in reverence and awe of God
- To be conscious of God's presence
- To live seeking to be like God
- To seek to possess the very character, nature, and behavior of God

**6. Add brotherly kindness.**
- A very special love between brothers and sisters within a loving family
- A kind of love that binds each other together as family
- A kind of love that binds each other on an unbreakable union
- Deep affection for each other
- Shows concern and looks after the welfare of each other
- Joins hands with each other in common purpose under one Father
- Possessed by people who came from the same source (We are born again of God.)

**7. Add love.**

It is the agape love of God that goes so far:
- That it loves regardless of feelings
- That it loves a person even if the person does not deserve to be loved
- That it actually loves the person who is utterly unworthy of being loved

**Four (4) Significant Points of Agape Love**

**1. It is the love of God, possessed by God Himself and demonstrated in the cross of Christ**

a. God's love for the ungodly (Romans 5:6)

b. God's love for the unworthy sinners (Romans 5:8)

c. God's love for undeserving enemies (Romans 5:10)

**2. It is a gift of God. It is experienced only if a person knows God personally—that is if he receives Jesus as Lord and Savior of his life.**

**3. It is the greatest thing in life according to Jesus Christ.**

**Hebrews 1:3 (NKJV)**

**Who being the brightness of His glory and the express image of His person, and upholding all things by the word of His power, when He had by Himself purged our sins, sat down at the right hand of the Majesty on high.**

**Mark 12:29-31**

29 Jesus answered him, "The first of all the commandments is: 'Hear, O Israel, the Lord our God, the Lord is one. 30 And you shall love the Lord your God with all your heart, with all your soul, with all your mind, and with all your strength.' This is the first commandment. 31 And the second, like it, is this: 'You shall love your neighbor as yourself.' There is no other commandment greater than these."

**4. It is the greatest possession and gift in human life.**

**1 Corinthians 13:13**

And now abide faith, hope, love, these three; but the greatest of these is love.

**Conclusion**

These seven (7) things are the believer's duty and not just suggested tasks that we can ignore or miss some in doing.

Duty means obligatory tasks, conduct, service, or function that arise from one's position—our position is "child of God".

If we fail to do these things, the Bible says we are shortsighted, even blind, that we forget that we were cleansed and forgiven from our old sins (v. 9).

**Challenge**

**2 Peter 1:10**

Therefore, brethren, be even more diligent to make your call and election sure, for if you do these things you will never stumble.

- Be diligent.
- Do our duties as children of God.
- And we will never stumble.

SCAN THIS QR CODE TO WATCH THE RECENT MIDWEEK SERVICE EPISODE. LIKE, TAG, AND SHARE THIS TO YOUR FAMILY FOR THEM TO HEAR GOD'S MESSAGE.

## Midweek Service Highlights

"Hindi ka kawawa dahil ang iyong pinaglilingkuran ay ang Diyos."

"Let us be morally good and courageous. Kapag may mali, i-correct natin."

"Hindi nakakalamang ang laging umiiwas sa gawain ng Panginoon."

"Kailangan lagi tayong nag-a-abide sa kung ano ang sinasabi ng Salita ng Panginoon."

"Kapag may ipinapagawa ang Panginoon at sa iyo ibinigay, ibig sabihin ikaw ay pinili ng Diyos."

"Ang isang mananampalataya ay mahalaga na may diligence—diligent sa pagsunod sa Salita ng Diyos."



Rev. Ryan Christian Tabay
UCF Associate Pastor
December 23, 2021

## Sunday Worship Service Highlights

"Kapag si Kristo ay nasa iyo, anuman ang pinagdadaanan mo sa buhay, it becomes sweeter and sweeter sapagkat alam natin that we have hope in Christ."

"Kailan ka gagawa ng mabuti? Kailan ka tatanggap kay Kristo? Kailan ka lalakad sa Diyos? Kailan ka maniniwala? Habang buhay ka pa."

"Unahin natin ang Diyos. Ano ba ang ibig-sabihin kapag sinasabi nating unahin ang Diyos? Ibig sabihin, ang prinsipyo ng Diyos ang unahin natin."

"Huwag po tayong mag-isip na hindi natin kailangan ang Diyos. Kailangan natin ang Diyos sa oras-oras sapagkat kapag wala ang Diyos sa atin, wala rin tayo."

"Tanggapin natin ang Panginoon. Hayaan nating pumasok Siya sa buhay natin. At ang Espiritu ng Diyos, kapag kumilos sa buhay natin, babaguhin Niya ito."

"In the mind of God, giving is His first principle. God gave even His only Son, Jesus Christ."



Rev. Dr. William Sy
UCF Head Pastor
December 19, 2021

**Titus 3:5 (NKJV)**

**"Not by works of righteousness which we have done, but according to His mercy He saved us, through the washing of regeneration and renewing of the Holy Spirit."**

Stay safe and learn at home in the school that cares for your future! Through **UCA Online**, distance learning has been more fun and exciting! Aside from inculcating academic excellence in their students, UCA also develops their spiritual lives.

**Early enrolment for S.Y. 2022-2023 is now open for both international and local students.**

**For inquiries, contact 8820-7764, 0918-985-1287, or 0917-100-7345.**

Celebrate with us as we partake in the 25 years of God's faithfulness to the school He called. Choose from its selection of shirt, cap, mug, tumbler, ref magnet, and mouse pad. Show you school pride with the **UCA Merchandise**!

**For orders and inquiries, contact Karen Mohammad (0917-881-3534).**



# Mt. Tabor Farm

Looking for natural and organic products? Look no further! Mt. Tabor Farm offers several products for your needs!




**Azolla** is a nutritious alternative feed for chickens, pigs, rabbits, fish, goats, ducks, and sheep.

**Madre De Agua** is a good source of protein and other nutrients that chicken, pigs, goats, and even fish need.







**Guyabano leaves** are commonly used to make Guyabano Tea that helps in curing cough and body inflammation, and losing weight.

**Essential oil roller blends and pain relief rub** will help soothe you whenever you feel stressed or pain.



**P150 each** pain relief rub

**P120 each** essential oil roller

**For essential oil and relief rub orders, contact Raena Christine Tabay (0956-903-5731). For plant orders, contact Angel Tolentino (0965-551-4575).**

Wear His Word and declare what the Lord has done to your lives! Support this fund-raising activity of the Multimedia Department by purchasing from our variation of **shirts, tote bags, and mugs that showcase the Word of God.**

**For orders and inquiries, contact Noriel Victoria Tolentino (0915-536-7617).**



Make your weekends more productive as you learn different musical instruments that will surely be helpful in singing praises and worship to our Lord. Enhance your God-given gifts in music. Enroll in the UCF Music Clinic and learn how to play the **piano, guitar,** and **drums**! Registration is still ongoing.

**For more details, contact Sonny Dwayne Emerald Costales (0967-442-0113).**



Join the UCF Multi-Purpose Cooperative! Let us help you grow your savings over time. This is only open to UCF members.

**Membership Qualifications:**

- Duly accomplished and approved Membership Form with paid membership fee of PhP 200.00
- Certificate of Completion of the prescribed Pre-Membership Education Seminar (PMES) (CDA requirement)
- Subscribed and paid the required minimum share capital of at least two (2) shares amounting to PhP 2,000.00
- Certificate of Membership from United Christian Fellowship, Inc.

**For more information, contact Membership and Loans Coordinator Imee Gorobat (0966-570-9246) or Collections Officer Sherly Quiminales (0922-870-9947).**

# UCF Bible Race 2022

## January 28-29

You and your family are invited to join in this fun-filled and exciting event where we will learn more about the Word of God—the UCF Bible Race 2022!

**Register to Karen Mohammad (0917-881-3534).**




Be a competent 21st Century Teacher and an IT-BPO Professional! **Enroll at UCA College of Asia: The Access to your Future.**

Enrollment and registration is still ongoing for both **Bachelor of Technical Vocational Teacher Education (BTVTED)** and **Contact Center Services NC II (CCS NC II).**

**For inquiries, contact 0917-100-7345 (Globe) or 0918-985-1287 (Smart).**

Bible Study ON THE AIR with Rev. Dr. William Sy

**Join as a live audience!**

Everyone is invited to join as part of the **live audience of Bible Study on the Air**!

This is your chance to ask questions or clarifications about the topic to be discussed. Schedule of shoot is after the Sunday Worship Service.

Free coffee and snacks will be served to participants.

**1 JOHN 3:9 (NKJV)**

**Whoever has been born of God does not sin, for His seed remains in him; and he cannot sin, because he has been born of God.**

# Our Giving...

>> *from page 1*

a prophet's reward. And he who receives a righteous man in the name of a righteous man shall receive a righteous man's reward. [42]And whoever gives one of these little ones only a cup of cold water in the name of a disciple, assuredly, I say to you, he shall by no means lose his reward."

**Luke 6:38 (NKJV)**
"Give, and it will be given to you: good measure, pressed down, shaken together, and running over will be put into your bosom. For with the same measure that you use, it will be measured back to you."

**4. God is able.**
- Believers who give what they can to help those in need will find that God's grace provides a sufficiency for their own needs and even more, that they abound in every good work.

**2 Corinthians 9:10-11 (NKJV)**
[10]Now may He who supplies seed to the sower, and bread for food, supply and multiply the seed you have sown and increase the fruits of your righteousness, [11]while you are enriched in everything for all liberality, which causes thanksgiving through us to God.

**5. Giving does not only supply the needs of God's people, but also overflowing expressions of thanksgiving to God, a reciprocal love from those who receive our help.**

**Challenge**
God designed the future "you decide". We cannot succeed without God. If it matters to you, it matters to God.

Loyalty to Christ and His Gospel includes:
- Stewardship
- Our giving of tithes and offerings to the church

**Deuteronomy 16:17 (NKJV)**
Every man shall give as he is able, according to the blessing of the Lord your God which He has given you.

**Proverbs 3:9 (NKJV)**
Honor the Lord with your possessions, and with the first fruits of all your increase.

- God is the Provider of our every need.

**Philippians 4:19 (NKJV)**
And my God shall supply all your need according to His riches in glory by Christ Jesus.

Scan this QR code to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services.

## SERMON NOTES

Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.

What is God's message for you through the sermon?

## SHARE HIS WORD

For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replay of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.



Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

Please follow health and safety protocols during on-site services.




## WEEKLY SCHEDULE

**BIBLE STUDY ON THE AIR**
with Rev. Dr. William Sy
Wednesdays at 7:00 PM

**MIDWEEK WORSHIP SERVICE**
Thursdays at 7:00 PM

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
Sundays at 9:00 AM

**DAILY PRAYER**
Daily at 6:00 PM

★ UCF GROUP OF MINISTRIES ★

## CONTACT US

**UCF WORSHIP CENTER**
#17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd., Parañaque City

**TELEPHONE**
8820-7764 or 8478-1113